

1

“Ilang beses mo nang nabasa ang nobelang iyan, ha, Reinavi?” tanong ni Tia Ebeng habang nasa harapan ng kalan at hinahalo ang niluluto.

“...*It is sometimes a disadvantage to be so guarded,*” Nilakasan ni Reinavi ang pagbasa mula sa nobela ni Jane Austen na *Pride and Prejudice* habang nakaupo sa pasimano ng bintana ng kusina. “*If a woman conceals her affection with the same skill from the object of it, she may lose the opportunity of fixing him, and it will then be but poor consolation to believe the world equally in the dark...*” May bigla siyang naisipang itanong sa tiya. “Bakit hindi ka nag-asawa, Tia Ebeng?”

Napatigil ito sa ginagawa saka napabuntong-hininga bago sumagot sa tanong niya.

“Mayroon akong nagustuhang isang lalaki noong aking kabataan,” kuwento nito. “Alam kong mayroon din siyang damdamin para sa akin... Ang kaso ay... nangibang-bansa siya at nawalan na kami ng komunikasyon.”

“Pero may iba namang nanligaw sa iyo, hindi ba?” unkrat pa niya.

“Marami,” napangiting tugon nito. “May isa akong manliligaw noon na ayaw akong tawagin sa aking palayaw. Lagi niya akong tinatawag na ‘Eberdina’. May gusto na rin sana ako sa kanya, subalit nangibang-bansa rin siya. Mula noon ay parang nawalan na ako ng gana; kung mayroon mang manligaw sa akin noon ay hindi ko mapigil ang aking sarili na ikumpara sa unang lalaking iyon na aking minahal...”

“Pagkatapos?” ganyak niya rito upang magpatuloy sa pagkukuwento.

“Namalayan ko na lamang na... may-edad na pala ako,” konklusyon nito na medyo nabasag ang boses. “Nang panahong iyon ay nandito na ako sa mga magulang mo dahil kamamatay lamang ng aking mga magulang at ayaw kong makabigat sa aking mga kapatid. Nang mga panahong iyon, ang mga lalaking kasing-edad ko ay pawang may mga asawa’t anak na—wala nang lalaking nanikluhod pa sa akin.”

“Hay!” aniyang isinipit ang bookmark sa aklat na isinara at saka idinaiti iyon sa kanyang dibdib. “Walang makakaengganyo sa akin na mag-asawa maliban na lamang kung mahal na mahal ko talaga at hindi ko kayang mabuhay na wala siya!”

“Ang siguraduhin mo ay may-kaya ang lalaking

ito,” baling ni Tia Ebeng sa kanya na naroon nang muli ang normal nitong tono. “Lumilipad palabas ng bintana ang pag-ibig kapag pumasok na sa tahanan ang kahirapan!”

“Si Tia talaga...”

“Aba, hindi masama ang mag-asam ng konting materyal sa buhay!”

Mabilis na umibis ng tricycle si Tia Ebeng at humahangos na pumasok ng tarangkahan. Kung hindi lang ba medyo may-edad na ay tiyak na tinakbo nito ang distansya patungo sa loob ng bahay. May isang katulong na naroon sa pinto upang tulungan ito sa mga bitbit na pinamili saka ito nagtuloy sa outhouse na siyang klinika ni Dr. Renato Sonza.

“Doc!” tawag nito sa manggagamot bago pa man pumasok sa klinika dahil naalala nitong magpagpag ng sapin sa paa sa doormat.

Nakangiting napaangat ng ulo mula sa binabasa nitong medical journal ang dignified ngunit guwapong mukha ni Dr. Sonza. Inaasahan na nitong may nasagap na namang tsismis si Ebeng na isang malayong kamag-anak at siyang dating tagapag-alaga ng kaisa-isa nitong anak na si Reinavi. Si Tia Ebeng

na ngayon ay old maid na ay naging housekeeper nang pumanaw ang maybahay ng manggagamot.

“Naku, Doc! Alam n’yo ba kung ano ang narinig ko sa palengke?” humihingal na sabi ni Ebeng nang nasa harapan na ng mesa ng ama ni Reinavi.

“Kung ano man iyon ay wala akong ideya, Ebeng,” mahinahong tugon ng doktor. “At kung nais mong maging tuluy-tuloy ang pagkukuwento ay maupo ka na muna at habulin ang hininga mo.” Tumindig ito upang ibalik ang journal sa eskaparate at nang muling maupo ay saka tiningnan ang ale; indikasyon na handa na itong makinig.

“Nabili na ang bahay ni Don Alejandro,” simula ni Ebeng sa kuwento na nandudulak ang mga mata. “At alam n’yo ba kung sino ang nakabili?”

Tumango lamang si Dr. Sonza; sanay na ito sa paraan ng pagkukuwento nito.

“Isang mayamang taga-Maynila pero may mga kamag-anak din sa kabisera,” patuloy nito na may kislap ng intriga sa mga mata.

“Mukhang desidido ka namang sabihin ang lahat, kaya ituloy mo lang, Ebeng,” buong pasensyang saad ng doktor.

“Ludvig Ramirez ang pangalan,” anang ale na dumiin pa ang mga kamay sa mesa at inilapit ang mukha sa doktor. “At ang dinig ko ay Lucina Ramirez ang pangalan ng ina nito!”

“Ngayon?” anito na walang masyadong interes sa paksa.

“Ngayon?” ulit ni Ebeng na nagtataka.

Sa mga sandaling iyon ay pumasok si Reinavi sa klinika ng ama.

“Nailista ko na ang mga kailangang bilhing gamot sa bayan, Papa,” aniyang nakangiti bago bumaling sa matandang babae. “Ano ang balita sa bayan, Tia Ebeng?”

“Iyon na nga ang ikinukuwento ko dito sa papa mo,” anang ale na tumindig. “Ika ko, magandang pagkakataon para sa iyo, Reinavi, ang pagkakabili ng lumang bahay ni Don Alejandro.”

Nagkatinginan sina Reinavi at Dr. Sonza sa tinuran ni Ebeng.

“At ano naman ang kinalaman ni Reinavi sa pagkakabenta ng bahay ni Don Alejandro?” unkat ni Dr. Sonza dahil alam nitong maraming sanga ang imahinasyon ng housekeeper.

“Hindi mo ba naisip, Doc,” tugon nitong may tonong ng intriga sa tinig; may nasisiyahang ngiti sa mga labi, “hindi basta-basta ang taong bibili sa bahay na iyon. Tiyak na milyonaryo itong si Ludvig Ramirez para mabili ang dating ari-arian ng pinakamayamang pamilya dito sa San Victorino!”

“At ang Ludvig Ramirez na ito ay binata,” unkrat pa ng manggagamot na pinipiit ang pagtawa; napatingin ito kay Reinavi na may amusement sa mga mata.

“Binatang-binata at mayamang-mayaman,” tugon ni Ebeng na binigyang-diin ang salita. “At natitiyak akong guwapung-guwapo!”

“Guwapung-guwapo kasi mayamang-mayaman.” Napatawa si Reinavi sa sinabi ng ale. “Kahit kailan naman ay hindi guwapo para sa iyo ang isang lalaking mahirap lamang, Tia Ebeng.”

“Aba, masama ba ang mag-asam ng mga bagay na maidudulot ng kayamanan?” depensa nito sa prinsipyong kailangang may kaunting yaman ang mapangasawa ni Reinavi. “Bilin sa akin ng nasira mong ina na siguraduhin kong may-kaya ang magiging asawa mo dahil tiyak daw na walang keber itong ama mong doktor kahit pa tambay lamang sa kanto ang makatuluyan mo!”

“Conspiracy nila ng mama mo, Reinavi,” may ngiting sabi ni Dr. Sonza, “bilang pagtuligsa sa aking pagiging manggagamot dito sa baryo.”

“Bagay na maganda, Papa,” puri niya sa ama, “dahil kung walang doktor na katulad mo dito sa San Victorino ay paano na ang mga taong walang pambayad sa serbisyo ng isang magaling na manggagamot?”

“Ang misyon ng mabait mong ama ay misyon niya,” muling diin ng nakatatandang babae. “Basta ako, ang misyon ko ay ang habilin ng ina mo.”

Naupo siya sa silyang malapit sa bintana at saka pinagmasdan ang reaksyon ng ama. Naisip niya ang kauna-unahang linya sa paborito niyang nobela ni Jane Austen.

“A single man in possession of a good fortune must be in want of a wife,” aniyang may ngiti sa mga labi.

“Hindi nga ba?” ani Tia Ebeng na tumaas ang isang kilay. “Kung mag-iisip ka na makatiklo ng isang lalaki ay umumang ka na ng medyo mataas-taas. Hindi katulad ng mga aali-aligid sa iyo na mga binata na alam kong hindi ka interesado... Hindi naman sa ako ay pintasera at matapobre, pero... alam kong wala ni isang lalaki dito sa San Victorino

na nagustuhan mo.”

“Meron naman siguro, Tia Ebeng,” simple niyang tugon.

“Iyon ay kung ang nais mong buhay ay simple lang,” diin nito. “Pero kung ganyang ang mga babasahing pinipili mo ay mga nobela para ikaw ay makatakas sa katotohanan ng buhay dito sa baryo ay... hindi mo ako maililiko!”

“Wala sa aking bokabularyo ang ikaw ay iliko, Tia Ebeng.” Halos humalakhak siya. “At saka ano naman ang gagawin ko kapag nakilala ang lalaking ito na iyong tinutukoy?”

“Aba, eh, di tulungan siyang makapagdesisyon kung may gusto ba sa iyo o wala—mas trabahuhin mo ang magkagusto siya sa iyo, iyon ang dapat mong gawin!”

“Nakakagulat ang iyong mga taktika, Tia Ebeng,” tugon niya na natawa na lamang kaysa magulat.

“Sana nga ay isinapraktika ko rin ang aking sinabi,” nakasimangot nitong tuligsa sa sarili. “Kung minsan ay kailangan talagang magpakita ng motibo, kung hindi ay pupulutin talaga tayo sa kangkungan—at ako ay nasa kangkungan na ng matatandang dalaga!”

Hindi na siya kumibo dahil hindi malayo sa katotohanan ang sinabi ni Tia Ebeng. Napatingin na lamang siya sa kanyang ama na noon ay wala na ang pansin sa usapin.

Nasa karatig-bayan noon ang kanyang ama dahil may isang babaeng malapit nang manganak at medyo komplikado ang kalagayan kaya kailangang may doktor na naroon bukod pa sa komadrone. Lampas hatinggabi na nang may dumating na isang babae sa klinika at halos magmakaawa na kahit siya raw ay puwede na kung wala ang doktor. Napilitang sumama si Reinavi dahil sa pakiusap ng babaeng ayaw sabihin ang pangalan.

Ang ikinapagtaka niya ay kung bakit hindi na lang dinala sa klinika ang pasyente kung grabe ang lagay nito. Tinanong din niya ang babae kung ano ang sintomas ng pasyente; ang sinabi lang nito ay maraming dugo ang tumagas at kailangang tahiin ang sugat nito. Saka niya isiniguro kung ano ang mga dadalhing kagamitan. Hindi pa niya naranasang tumahi ng sugat sa isang tao dahil sa mga hayop lamang niya nagawa iyon. *Pati hayop ay sa klinika namin dinadala...*

Lampas pa ng kabilang ibayo ang kinaroroonan

ng pasyente at napakahirap ng daang lubak-lubak. Lulan ng *Jeep Renegade* kasama ang babaeng sumundo sa kanya, nakarating sila sa isang maliit na dampa kung saan nadatnan niyang naroon ang isang may-edad nang babae na halos umiyak sa pag-aalala.

Sa nakita niyang sugat sa gilid ng dibdib ng lalaking ang edad, sa hula niya, ay mahigit beinte años ay tama iyon ng baril. Hindi na lang siya nagtanong kung paano at saan nito tinamo ang sugat.

“Maraming salamat sa pagpunta mo dito sa amin,” taimtim na pasalamat ng babae na siyang ina ng lalaki. “Kung hindi dahil sa ’yo ay hindi ko alam kung buhay pa ang anak ko...”

“Maraming... salamat,” anang lalaking noon ay nakahiga sa papag. Balot ng benda ang buong dibdib nito.

“Iiwanan ko po ang natitira pang benda,” sabi niya sa babae na inilapag sa pinakamalapit na mesa ang plastic bag ng gasa. “At itong isang bote ng iodine. Puwede n’yo pong palitan ang benda sa makalawa.”

Hindi niya alam kung gaano kabilis ang kanyang patakbo nang siya ay pauwi na mga bandang alas tres na ng madaling-araw.

Hindi lingid sa kanya na ang mga nakatira sa

The First Long Kiss - Audrey Torres

lugar na iyon ay miyembro ng isang kinatatakutang gang ng mga carnappers.

Nang araw na iyon, nang dumating si Tia Ebeng mula sa pamamalengke nito sa bayan ay ibinalita nito ang tungkol sa naganap na car chase nang nakaraang gabi kung saan may dalawang carnappers ang namatay nang tumaob ang sasakyang tinangay ng mga ito. Balita rin na may ilang nakatakas.

2

Nabanggit sa akin kahapon ni Paquito na iba na namang babae ang ka-date mo noong Sabado,” ani Mrs. Lucina Ramirez sa anak na si Ludvig habang ang binata ay nagmamaneho. Sa mga sandaling iyon ay malapit na sila sa bayan ng San Victorino kung saan nakabili silang mag-ina ng bahay at lupa dahil nais ni Mrs. Ramirez na sa probinsya manirahan.

Napangiti lamang siya.

“O, bakit hindi ka makasagot d’yan?”

“At kailan mo naman nagustuhan ang kahit na sinong babaeng i-date ko, Mama?” natatawang tanong niya na pansumandaling sumulyap sa ina. “Ano ang reklamo mo this time? Let me think... ah, she looks too flashy or her nails are too long... ang baduy niya... You sound like Keet most of the time.”

“Hay naku, Ludvig!” napapailing na turan nito. “Kung hindi ko pa alam, iyan ay ang style mo ng pangba-brush off! Kung ayaw mong makinig sa aking payo na tigilan ang kapapalit-palit ng nobya dahil pagdating ng araw na makakita ka ng katapat mo, ewan ko na lang!”

“Don’t worry, Mama,” nakangiting sabi ng binata, “alam ko ang ginagawa ko. Kung makipag-break naman ako sa isang babae, I make it a point na peaceful ang break-up.”

“Basta ako, kitang-kita ko sa mukha ng huli mong girlfriend na she’s just after your wealth!” anitong naalala ang kanyang huling nobya.

“See what I mean,” napapailing niyang tugon, “sabi ko na nga ba’t mayroon ka na namang puna.”

“I can smell a gold digger and a conniving bitch kahit pa sampung kilometro ang layo mula sa akin! Imagine asking even Paquito for shopping money?” nakataas ang isang kilay na saad ni Mrs. Ramirez.

“That’s why I broke up with Portia,” ani Ludvig na ipinatong ang kaliwang braso sa ibabaw ng bintana ng kotse. Kasalukuyan silang pumapasok sa boundary ng bayan ng San Victorino kung saan papalala nang papalala ang daan lalo pa’t katatapos lang umulan. “Relax ka lang, Mama. I am wiser now.”

“Relax na naman po ang aking narinig.” Taas-noong binuksan nito ang abaniko at saka namaypay kahit pa air-conditioned ang kotse. “Kung alam mo lang kung paanong pagdarasal ang ginagawa ko para maiiwas ka sa mga di-kanais-nais na babae!”

“I know, Mama,” tugon niyang napatingin dito. “Ang dapat mong isipin ay ang iyong sarili.”

“Kung buhay lamang ang papa mo...”

Narinig niya ang malalim na buntong-hininga nito at minabuti na lamang niyang huwag tumugon dahil matutuloy ang usapan sa litanya tungkol sa kanyang amang pumanaw maraming taon na ang nakaraan. Nagsimula ring mangamatay sa sakit na cancer ang ilan sa mga kaibigan ng kanyang ina kaya lalong tumindi ang depression nito na halos ayaw na nitong lumabas ng bahay. Bagay na ikina-claustrophobic ng kanyang ina nitong huli.

Nang magpahiwatig ang biyuda na nais nitong mag-settle sa probinsya kung saan tahimik at mabango ang simoy ng hangin ay kaagad siyang nagpahinuhod at saka siya mabilis na nagpahanap sa isang ahente ng bahay at lupa na malayo sa siyudad. Sa mga ipinakitang prospects ay ang bahay na iyon sa San Victorino ang nagustuhan ng kanyang ina.

“Sigurado ka ba talagang sasamahan mo ako dito sa San Victorino hanggang sa ako ay ma-settle nang mabuti?” tanong nito sa kanya. “Baka ma-miss mo ang iyong mga kaibigan sa Maynila?”

“Do I have a choice, Mama?” nakangiti niyang

tugon at iyon naman talaga ang saloobin niya. “I can do my work here in the province at bahala na si Paquito sa kalakaran sa opisina.”

“Kung mayroon sana akong apo na mapagtutuunan ng pansin...” anito na may wishful na tono ang boses.

“Here we go again,” anang binata na umikot ang mga bola ng mata.

May natanaw siyang sasakyan na nakahimpil sa medyo alanganing parte ng daan. Maputik at malubak ang kahabaan ng daang iyon dahil hindi pa aspaltado.

Wala siyang ibang choice kundi padaanin ang kanyang SUV sa isang lubak na puno ng tubig kaysa iiwas iyon at siya naman ang manganib na malubak.

Mataas ang tilamsik ng tubig at naisip niyang sana ay hindi nabasa kung sinuman ang driver na nandoon.

“Sorry! Sorry!”

Tinatamad mang lumabas ng bahay ay kinailangan lumabas ni Reinavi dahil isang pasyente ng kanyang ama ang nangangailangan ng gamot nito.

“Huwag na huwag n’yo pong kalilimutan ang pag-inom ni Alma ng gamot, Aling Celing,” bilin niya sa ina ng bata. “Huling batch na po ito na kanyang iinumina at saka natin siya ipapa-checkup sa provincial hospital.”

“Maraming salamat, Miss Reinavi,” anito na humawak sa kanyang kamay at ikiniskis iyon sa pisngi nito. “Kung hindi dahil sa tiyaga ninyo ni Doctor ay hindi ko alam kung buhay pa ang anak ko...”

“Ang pasalamat n’yo po ay si Papa,” aniyang napangiti. “Ako po ay tagakuha lamang ng gamot mula sa mga kakilala niyang doktor sa kabisera.”

“Naku, huwag ka nang magkaila,” napangiting sabi nito, “alam kong ikaw ang naghahanap ng mga donasyon para sa ating mga kababaryo.”

“Kapag ang sakit ay katulad ng kay Alma na Koch’s Disease na hindi kaya ng halamang gamot ay talaga pong kailangan nating gamitin ang makabagong paraan ng panggagamot... Sige po, ako’y aalis na.”

“Ikumusta mo rin ako kay Doctor at sa Tia Ebeng mo, ha,” sabi nitong kumaway sa kanya.

“Opo, sasabihin ko po sa kanila,” aniyang nagtungo na sa kanyang lumang *Jeep Renegade*.

Dahil umulan nang nakaraang mga araw ay maputik ang daan; lalo pa sa kalye patungo kina Aling Celing na may nakakalat na dumi ng baka, kalabaw, at kambing, hindi niya naiwasang sagasaan ang fecal wastes ng mga nasabing hayop. Kaya naman ang dati nang madumi niyang sasakyan ay bumaho pa.

Nang sumapit siya sa mas lalong maputik at malubak na parte ng daan ay nalubog naman ang hulihang kaliwang gulong at kahit pa four-wheel-drive ang kanyang sasakyan ay hindi niya iyon maiahon dahil sa dulas ng putik.

Umibis siya ng sasakyan at tiningnan kung ano ang posisyon ng gulong. Kung mayroon sanang hahatak sa kanya mula sa unahan ng sasakyan kung saan hindi masyadong malalim ang putik...

Kahihiling pa lamang niya ay saka namataan ang sasakyang papalapit. Sa magara at bagong hitsura ng SUV na *Volvo* ay hindi niya inasahang iyon ay titigil.

Hindi nga iyon tumigil at paglampas sa tapat niya ay tumilamsik sa kanyang mukha ang maputik na tubig at wala siyang nagawa kundi ang mapatingin sa kanyang kasuotang nabasa.

“Putek! Kung hindi ba naman makakapatay ka ng...” nanggigigil na sabi niyang nakakuyom ang

dalawang kamao.

Narinig lamang niya ang paumanhin ng driver ng dumaang SUV.

“Sorry! Sorry!”

“Mag-sorry ka sa nanay mong panot!” aniyang medyo pinagpag ang damit at nagtungo sa dakong likuran ng kanyang sasakyan upang kunin ang isang piraso ng malaking kahoy na madalas niyang ginagamit kapag ang sasakyan niya ay nalulubak saka isinaksak iyon sa ilalim ng nakalubog na gulong bilang wedge para makaahon iyon.

Sa kanyang inis ay tinapakan niyang mabuti ang silinyador upang piliting makaahon ang sasakyan. Nang makaahon nga iyon ay niratran niya ng patakbo na para bang nais habulin ang sasakyang iyon at bigyan ng leksyon ang driver.

Hindi nga siya nagkamali; namataan niya ang silver *Volvo* na nasa kaisa-isang gasolinahan pagpasok ng kabayanan ng San Victorino. May salbaheng ngiti na sumagi sa kanyang mga labi at nakita ang kanyang tsansa na makaganti.

May lubak din na puno ng tubig sa tapat ng gasolinahan na malapit sa kinahihimpilan ng kotseng iyon na alam niyang noon lang napadpad sa

kanilang bayan. Pinasibad niya ang kanyang sasakyan at sinadyang patilamsikin ang tubig na umabot hanggang sa kinatatayuan ng may-ari ng *Volvo*.

Nang makalampas siya ay saka niya inilabas ang isa niyang kamay sa gesture ng pagkaway.

“Have a nice day!” malakas niyang sabi saka pabulong na idinagdag, “Buwisit!”

Kagagaling lang ni Ludvig sa maliit na grocery nang mamataan ang pamilyar na *Jeep Renegade* sa tapat ng kaisa-isang botika sa bayan.

Malayo pa man siya ay natanaw niya ang babaeng iyon na may hawak na kahon na ikinarga sa sasakyan at muling pumasok sa botika.

“Just a minute, Mama,” paalam niya sa ina na noon ay oblivious kung ano ang binabalak niyang gawin. Tumango lang ito at inilabas ang abaniko saka namaypayan.

Minabuti niyang komprontahin ang babae. Nang muli itong lumabas ng botika na may dalang isa pang kahon ay nandoon na siya sa tabi ng sasakyan at nakita niyang tumaas ang kilay nito.

“You owe me an apology, Miss,” aniyang

binigyang-daan ito upang maikarga ang kahon sa ibabaw ng passenger seat.

“Hindi kami nakakaintindi ng Ingles dito sa probinsya,” tugon nitong may pagkainis saka lumibot sa driver’s side.

“Bakit mo ako pinatalamsikan ng tubig noong isang araw?” tanong niyang nakatitig sa babae na may kunot sa pagitan ng mga kilay. Nasorpresa siya dahil kakaiba ang ganda nito—maliit na mukha; small straight nose, mapupula at kurbadang labi na hugis-palaso at makinis na kayumangging kutis. *I didn’t know brown skin could be this beautiful!*

“Imbis na ako’y tulungan, ikaw itong naunang pinaulanan ako ng tubig na maputik,” malamig ang tinig na hinarap siya nito.

“Hindi ko iyon sinadya,” paliwanag niya na sinundan ang babae sa bawat kilos nito. “Wala akong ibang choice kundi ang padaanan ang lubak sa tapat mo at hindi ko kabisado ang daan dito sa San Victorino... At saka wala ka namang hazard light kaya hindi ko naisip na kailangan mo ng tulong.”

“So,” taas-noong sabi nito saka naghalukipkip ng mga braso, “nandito ka ngayon para gantihan ako, gan’on ba?”

“In fact, yes,” may amusement sa mga matang turan niya at hindi niya alam kung anong kalokohan ang sumibol sa kanyang isipan at bigla na lamang niyang hinapit ang baywang nito at natagpuan ang sarili na hinahagkan ito sa labi. Nagulat na lamang ang babae ngunit wala itong nagawa dahil sa lakas ng mga braso na pumalibot dito.

Hindi inangat ni Ludvig ang kanyang mga labi hangga’t hindi siya nakadama ng tugon mula sa dalaga. Padampi-dampi ang bibig niya at pinadaan pa niya ng kanyang dila ang mga labi nito na tila inuudyukan na ito ay tumugon. Subalit si Reinavi ay nanatiling estatwa sa kinatatayuan nito. Muli niyang pinaghinang ang kanilang mga bibig, hindi siya lumalayo rito hangga’t hindi ito gumaganti ng paghalik. Kaya matagal ang halik na iyon... hanggang sa maramdaman niyang hindi na rigid ang katawan ng babaeng kanyang yakap-yakap; gumalaw na rin ang mga labing iyon na animo ay welcome na para rito ang mahalikan.

Saka siya nag-angat ng mukha at tinitigan ang mukha nito na noon ay nakapikit pa rin ang mga mata at bahagyang nakaawang ang mapupulang labi. Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanyang sarili na halikan ito—it was obvious, napakaganda naman kasi ng babaeng nakatayo sa kanyang harapan. Sa

mga sandaling iyon ay nais niyang muling halikan ito, subalit may mga tao sa paligid nila na noon ay tila nag-uusyoso.

“There,” aniya na may malamyos na tinig at may curious na ngiti sa mga labi nang magmulat ng mga mata ang babae, “sa palagay ko naman ay hindi ka na makakaganti.”

“Ano... na hahalikan... din kita... bilang ganti?” tanong nito na paputol-putol ang salita.

“You have done so and are welcome to do so—again,” may paghamon ang tono na tugon niya bago tumalima pabalik ng SUV niya at nang makadalawang hakbang ay bumaling muli sa babaeng noon ay nakatigagal. “By the way, you will make a local farmer very happy!”

Saka nasisiyahan sa sarili na naglakad si Ludvig pabalik sa kanyang sasakyan.

“Ano na naman ang ginawa mo?” tanong ng kanyang ina nang siya ay makabalik.

“Nothing, Mama,” aniyang napangiti pansumandali; ini-sketch niya sa kanyang utak ang mukhang iyon.

3

Pagkagaling ng Assessor's Office upang magbayad ng amilyar ay natanawan kaagad ni Reinavi ang lalaking humalik sa kanya na kausap si Monina Basco, ang anak ng mayor ng San Victorino. Masayang nag-uusap ang mga ito sa lobby ng munisipyo. Nakatalikod mula sa kanya ang lalaki at wala siyang balak na batiin ang babae kaya tumalilis na lamang siya palabas.

Mayroon pa siyang bibilhin sa botika kaya hinayaan na muna niyang nakaparada ang kanyang sasakyan sa paradahan ng munisipyo. Nang inakala niyang nalampasan na niya ang binata ay nagkamali siya dahil ramdam kaagad niyang may sumusunod sa kanya habang naglalakad sa tabing-daan patungo sa botika.

Humugot siya ng malalim na hininga, tumigil at bumuwelta.

“Sinusundan mo ba ako?” taas-noo niyang tanong kay Ludvig na noon ay nasa likuran lamang niya at may ngiti sa mga labi.

“Of course not,” tanggi nito.

Gigil na tinalikuran niya ito at nagpatuloy sa

paglalakad. Binilisan niya ang paghakbang hanggang sa makarating sa botika at hayun din ang binata na pumasok doon saka tumindig sa counter sa tabi niya.

“Medyo nangangati ang aking lalamunan,” sabi nito kahit wala siyang ipinakitang senyales na kakausapin ito, “kaya bibili ako ng sore throat pastilles.”

“Dapat ay lason sa daga ang bilhin mo,” tugon niya na may mababang tono.

“Come again?” tugon nitong may quizzical look; sa unang pagkakataon ay may isang babae na pinagsupladahan ito.

“Ang sabi ko ay hindi masyadong nakamamatay ang sore throat,” malakas niyang sabi na may pabulong na pahabol. “Sayang!”

“Alam mo,” nakangiting komento ni Ludvig na hindi pansin ang kanyang kasupladahan, “you are the most refreshing thing in this town, kaso... may barbed wire naman ang iyong dila.”

“At ikaw naman ang pinakapreskong lalaki na napadpad dito sa San Victorino,” tugon niyang naiinip nang maestima ng tindera ng botika. Lumapit ito kaagad sa kanya.

“Ano ang sa iyo, Ate Reinavi?” tanong nito sa kanya.

“Unahin mo na ang lalaking ito, Merly, at nang makaalis na kaagad,” matabang niyang tugon, subalit iniabot sa tindera ang listahan ng mga gamot na bibilhin niya. “Naaalibadbaran ako!”

Hinarap naman nito ang binata.

“*Strepsils* nga,” ani Ludvig na kay Reinavi pa rin nakatingin. Idiniin nito ang braso sa counter at napansin ang kanyang mukhang noon ay nangangainit. Nakangiting kinuha nito ang isang kahon ng *Strepsils* mula sa tindera at saka iniabot ang bayad. Hininaan nito ang tinig para sila lamang ang makarinig. “I know we got ourselves into the wrong footing the first time we met, pero hindi na natin kailangang ipagpatuloy ang pagiging unfriendly sa isa’t isa.”

“Merly, tapos na ba ’yung sa akin?” tanong niya sa tindera.

“Sandali na lang, Ate Reinavi,” tugon ni Merly na noon ay ipina-punch na sa cash register ang kanyang pinamili.

Saka siya muling bumaling sa binata.

“Hindi kita kilala, Mr. Ramirez,” seryoso niyang sabi rito. “Hindi ko kayang ibahin ang opinyon ko tungkol sa ’yo nang ganoon kadali.”

“I see,” mahinang tugon nito. “Pero alam mong ang pangalan ko ay Ludvig Ramirez. At ang pangalan mo ay Reinavi Sonza, ang anak ng kaisa-isang doktor na may private practice sa bayang ito.”

Iniabot ni Merly ang plastic bag ng kanyang biniling gamot.

“Magandang araw sa ’yo,” paalam niya rito na walang balak palawigin ang usapan.

Ang okasyon ay ang taunang Easter Ball ng San Victorino. Dahil sa pilantropong gawain ng kanyang ama ay imbitado ito, subalit si Reinavi ang palaging dumadalo—sa pagpupumilit ni Tia Ebeng. At siyempre, hindi papayag ang huli na hindi ito kasama dahil *kikilatisin* nito di-umano ang mga lalaking makikipagsayaw sa kanya.

Kasalukuyan niyang kasayaw ang isang masugid na tagahanga nang mapansin ni Reinavi na karamihan ng tingin ng mga tao ay napako sa entrada ng sayawan. Ilang sandali pa ay tinapik ni Tia Ebeng sa balikang kasayaw ng dalaga.

“Makikipagsayaw kayo sa inyong pamangkin, Tia Ebeng?” tanong ng lalaking kasayaw niya.

“At bakit ako makikipagsayaw sa aking pamangkin?” ingos ni Tia Ebeng dito. “Pasensya ka na, Manuel, subalit ako ay may sasabihin dito sa pamangkin ko.”

Nginitian lang niya ang binata saka sumama sa matanda pabalik sa kanilang upuan.

“Kung bakit ba naman ang pinakamalayong lugar mula sa entablado ang pinili mong lugar natin,” sisi ng tiya sa kanya.

“Iyon ay para kung mabagot na ako sa kasasayaw ay madali tayong makakatalilis, Tia,” rason niya. “Bakit mo ako pinatigil sa pagsayaw kay Manuel?”

“Dumating na ang pinakahihintay natin,” anunsyo nitong may tono ng excitement sa tinig.

“Siya ba ang dahilan kung bakit tayo dumalo dito?” aniyang napapailing; ayaw ipahalata kay Tia Ebeng na nakaengkuwentro na niya ang tinutukoy nitong lalaki.

“Hayun siya,” nguso nito sa direksyon ni Ludvig. “Hindi ba tama ang aking hinagap na siya ang pinakaguwapo sa sayawang ito? Hindi lang guwapo

kundi mayaman pa... Hayun siya at kausap ni Mayor!”

“Ang hudas!” mariin niyang bulong sa sarili.

“Ano ’ika mo?” takang tanong nito.

“Wala, Tia,” iwas niya. “Ika ko, bukas ay tiyak na usapan sa buong bayan ang Ludvig Ramirez na iyan.”

“Sinabi mo pa,” sang-ayon ni Tia Ebeng. “Alam mo bang si Monina na anak ni Mayor ay naungusan ka nang makilala ang bagong salta.”

“Dahil ba hayun at sila ang magkausap?” usisa niyang sinundan ng tingin ang mga ito.

“Naku,” biglang siyang siniko nito, “papalapit sila dito. Ngumiti ka naman!”

“Bakit pa?” tugon niyang tumaas ang isang kilay.

Ilang sandali pa ay hayun siya at nakatingala sa pamilyar na mukha ni Ludvig.

“Magandang gabi sa ’yo, Reinavi,” pormal na bati ni Monina. “Actually, hindi ikaw ang sadya nitong si Ludvig. Pero naipaliwanag ko nang hindi mahilig dumalo sa mga pagtitipon ang iyong papa... Reinavi, ito si Ludvig... Ludvig, ito si Reinavi na anak ni Dr. Sonza—”

Hindi na nito naipagpatuloy ang sasabihin dahil

nagsalita na ang binata.

“Nagkita tayong muli, Miss Renegade,” bati nitong may kalahating ngiti.

“Kumusta, Lalaking Putik?” tugon niyang iniabot dito ang kamay. “Hindi ako nasisiyahang makita kang muli.”

Napamaang si Tia Ebeng sa narinig na palitan ng mga salita.

“Magkakilala na kayo?” tanong tuloy nito.

“Siyanga pala, Miss Basco,” ani Ludvig na bumaling dito, “itong si Miss Sonza ang nagbigay sa akin ng masayang *welcome* nang unang araw na dumating kami ng mama ko dito sa San Victorino.”

“Kilala ang bayan namin na maputik,” nang-iinis na sabi niya.

Ang sadya ng binata ay upang makilala nang personal ang kaisa-isang manggagamot ng San Victorino; iyon ang naisip nitong paraan para makausap muli si Reinavi. Panay ang daing ng ina nito kaya iyon kaagad ang tinanong nito kay Mayor Basco at si Monina ang inatasan ng huli na ipakilala ang binata sa kanya.

Nawalan na ng ganang makipagsayaw kahit

kanino ang dalaga kaya kahit ayaw pa ng kanyang tiya na umuwi ay napilitan itong sumunod nang siya ay tumalilis patakas ng sayawan.

“...No, ang nais ko ay open plan para sa dining room at kitchen,” diin ni Mrs. Ramirez nang ipakita ni Ludvig ang plano para sa interior ng bahay.

“Naghahanap ka lang ng dahilan para gumamit ng malaking halaga, Mama,” aniya na pinagmasdan ang plano ng bahay na kanyang inilatag sa ibabaw ng mesa. “Nanghihinayang akong alisin ang napakagandang panels ng dingding at ang bahay na ito ay isang period piece. This is a good example of the design in its time.”

“A design that is already forgotten,” kontra ng kanyang ina. “Mahihirapan kang ilagay ang mga modern fittings para maging komportable ang bahay na ito.”

“Ang tanging fittings na gagawin ay ang electricals at plumbing. And God knows what damage will be discovered in the process.”

Panandaliang natahimik ang kanyang ina; nag-iisip ng kung ano ang sasabihin.

“Bakit hindi mo na lang ipagiba at magsimula ng panibago?”

“Mama,” buong hinahon niyang tugon, subalit alam niyang isang kontra na lamang nito ay ubos na ang kanyang pasensya, “I have never seen a good example of art deco here in the Philippines. Just think, ang bahay na ito ay nakatago sa lugar na ito na halos hindi alam ng marami.”

“So, nobody will miss it! I am just being practical,” tutol pa rin ng ina niya.

“Why can’t you just respect my decision on this?” Medyo mataas na ang kanyang tono. “I am the expert here; pinakuha mo ako ng kursong iyon na gusto mo at ngayong ginagamit ko ang aking pinag-aralan ay ikaw naman ang kumontra!”

“But I own half of this house,” giit pa rin nito, “I am entitled to air my opinion. Ipinagpipilitan mo ang gusto mo dahil ikaw ang may natitira pang resources para sa renovation komo nakamana ka ng malaking halaga mula sa iyong lolo.”

Noon ay pumasok sa study ang personal assistant ng binata na si Keet Sobisol.

“My, oh my,” anitong nakapatong ang isang kamay sa dibdib at buong hinhin na pumuwesto sa pagitan

nilang dalawa ng kanyang ina. “Nagsasalimbayan na naman ang mga kutsilyo sa hangin! Bumubuga uli ng apoy ang dragon at ang machine gun ay brat-tatat na naman nang brat-tatat!”

“Pagsabihan mo itong amo mo, Paquito,” ani Mrs. Ramirez dito, “na mas makabubuti ang sundin ako.”

“Ma’am Luchie, kasalanan ninyo kung bakit matigas ang ulo ng anak ninyo,” nakangusong turan nito. “Ako ay isang hamak na PA lamang, kayo itong ina niya.”

“Let us see kung sino ang may huling salita kapag ang bahay ay napalitan na ang mga electricals at plumbing at ang mga sira ay nakumpuni,” ani Ludvig na ubos na talaga ang pasensya. “Until then, the decision about the design is suspended.”

Nag-deliver si Reinavi ng mga sariwang gulay sa pinakamamahaling restaurant sa kabisera. Ang mga gulay na kapipitas lang nang hapong iyon ay tiyak na malalagay sa menu para sa mga kakain ng dinner nang gabing iyon.

“Salamat at dumating ka na, Reinavi,” sabi ng may-ari na siya ring chef doon na giniya siya patungo sa isang corner table. “Nagsisimula nang um-order

ang mga customers. Umupo ka muna dito at dito ka na maghapunan.”

“Pero...” tutol sana niya.

“It’s on the house,” nakangiting saad nito. “Ano ang gusto mo?”

“Ikaw naman kasi, Enrico,” sisi niyang nakangiti sa binatang restaurateur, “tiyak na profit margin na naman ang iniisip mo nang mag-text ka sa akin na ang pinakasariwang gulay lamang ang isisilbi mo sa dinner ngayon.”

“At kinagat naman ng mga suki kong parokyano,” nakangiti nitong sabi. “Mas may karapatan akong sumingil nang malaki kung totoo ang aking in-advertise.”

“Hanga ako sa pilosophy mo na i-source ang iyong mga ingredients maging sa pinakamaliit na magsasaka,” puri niya na ipinalagay ang loob na roon maghapunan. “Sige, dito na ako maghahapunan bago ko puntahan ’yung isang pasyente ni Papa na kailangang palitan ng benda.”

“Maiwan na muna kita,” anitong tinapik siya sa balikat bago siya hinalikan sa pisngi saka ito tumalima pabalik ng kusina.

Kagyat na natutok ang kanyang paningin sa mga bagong dating—si Ludvig at ang ina nitong si Lucina at ang mga ito ay patungo sa kanyang direksyon.

“Miss Renegade,” masayang bati ng binata nang makalapit sa kanyang mesa. “Dining alone or dining with the chef?”

Umiling lamang siya.

“My mother,” pakilala nito sa ina, “Mama, ito ang anak ng kaisa-isang doktor sa San Victorino na may private practice. Ang pangalan niya ay Reinavi.”

“Glad to meet you,” simpleng bati ng eleganteng babae. “Sigurado ka bang ito ang restaurant na sinabi ng anak ni Mayor?” tanong nito sa anak saka muling bumaling sa dalaga. “Sabi sa akin ni Monina ay masarap ang pagkain dito tuwing Wednesday evening. Pero ang powder room at toilet ba dito ay malinis?”

“Malinis po,” tugon niyang tumango at itinuro ang direksyon. “Andoon po sa banda roon.”

“Bueno, ako ay pupunta muna doon,” paalam nitong naglakad na patungo sa direksyong kanyang itinuro.

Si Ludvig naman ay naupo sa bakanteng upuan

sa tabi niya.

“It seems everywhere I go, nandoon ka,” nakangiti nitong pahayag.

“Bakit, masama bang kahit saan ka magpunta ay nandoon ako?” tanong niyang nakataas ang isang kilay. “Para mo na ring sinabing ako ay kakalat-kalat.”

“Ah, hindi! In fact, mabuti nga iyon dahil hindi ko na kailangang mag-imagine na nakikita ka,” tugon nitong nakatitig sa kanyang mukha. “Mula nang makilala kita, hiling kong ako ay magkasakit at nang makapagpagamot ako sa klinika ng father mo.”

“Hah! Ano kayang sakit ang dapat na tumama sa iyo?” aniyang napaisip ng sakit na puwede niya itong mainis.

“I suspect it has to do something with the heart,” romantikong sabi ng binata.

“Sa totoo lang, ang nakikita kong sintomas mo sa ngayon ay diprensya sa ulo.” Saka niya pinaikot ang isang hintuturo sa gilid ng kanyang tainga.

“Alam mo, despite your barbed tongue,” nakangiti pa ring sabi nito na tumindig, “I enjoy talking to you.”

“The pleasure is mine,” mapang-u Yam niyang tugon na pinanood itong lumakad patungo sa

The First Long Kiss - Audrey Torres

nakareserbang mesa para rito.

Nang kasisilbi pa lamang ng kanyang hapunang *on the house* ay hayun naman at dumating si Monina na kasama ang tiyuhin nitong konsehal na biyudo.

At sila pala ay gruesome foursome!